# Isang Quiz sa Doktrina tungkol kay Cristo

Ano ang masasabi natin tungkol kay Jesus? Siya ang karakter na nasa sentro ng buong kasaysayan. Siya ang naghahati sa kasaysayan. Siya ay higit na mahalaga kaysa sa kasaysayan. Siya ang maghahatid ng kasaysayan ayon sa pagkakaalam natin sa konklusyon nito. Gaano kahusay ang nalalaman mo sa itinuturo sa atin ng Bibliya tungkol kay Jesus? Nakipag-team up ako kay Mark Jones, sumulat ng *Knowing Christ*, para maghanda ng quiz na binubuo ng tatlumpung tanong tungkol kay Jesus. Basahing mabuti ang bawat isa at bilugan ang iyong sagot.

1. Si Jesu-Cristo ay ganap na Diyos.

   Tama Mali

2. Si Jesu-Cristo ay ganap na tao.

   Tama Mali

3. Si Jesus ay Diyos, ngunit hindi kapantay sa pagiging Diyos ng Ama.

   Tama Mali

4. Si Jesus ay dalawang persona: isang persona na Diyos at isang persona na tao.

   Tama Mali

5. Si Jesus ay may katawan ng tao, ngunit may pag-iisip ng Diyos.

   Tama Mali

6. Si Jesus ay may dalawang kalikasan na pinaghalo upang bumuo ng isang kalikasan.

   Tama Mali

7. Si Jesus ay may dalawang kalooban, hindi isang kalooban.

   Tama Mali

8. Nilikha ni Jesus ang sanlibutan.

   Tama Mali

9. Sa pagkakatawang tao, ang Diyos Anak ay naging tao.

   Tama Mali

10. Isinantabi ni Jesus ang kanyang mga katangian ng pagka-Diyos sa pagkakatawang tao at pagkatapos ay ibinalik ang mga ito pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag muli.

    Tama Mali

11. Si Jesus ay ipinanganak noong 1 AD.

    Tama Mali

12. Bilang sanggol ay hindi umiyak si Jesus.

    Tama Mali

13. Habang narito siya sa lupa, si Jesus na tao ay may di-kumpletong kaalaman.

    Tama Mali

14. Si Jesus ay nag-iisang anak.

    Tama Mali

15. Mali ang Chalcedonian Creed sa pagtukoy kay Maria bilang ina ng Diyos. (“Ipinanganak bago pa ang lahat ng kapanahunan mula sa Ama ayon sa kanyang pagka-Diyos, at sa mga huling araw, para sa atin at para sa ating kaligtasan, isinilang mula sa birheng si Maria, ang ina ng Diyos, ayon sa kanyang pagkatao.”)

    Tama Mali

16. Natuto si Jesus ng mga katotohanan at kakayahan noong narito siya sa lupa.

    Tama Mali

17. Sa kanyang pagiging tao, nagpasakop si Jesus sa Diyos Ama. Tama Mali

18. Napilitan si Jesus na magpasakop sa kalooban ng Ama.

    Tama Mali

19. Dahil si Jesus ay Diyos, hindi siya maaaring matukso.

    Tama Mali

20. Maaaring nagkasala si Jesus nang siya’y tuksuhin.

    Tama Mali

21. Para sa ating kaligtasan, mas mahalaga ang pagiging Diyos ni Cristo kaysa sa kanyang pagiging tao.

    Tama Mali

22. Si Jesus ay may pananampalataya.

    Tama Mali

23. Nagpakita si Jesus na may laman ng tao, ngunit ito ay espirituwal, nangangahulugang hindi siya maaaring magdusa ng pisikal na sakit.

Tama Mali

24. Si Jesus ay dumepende sa Banal na Espiritu, hindi sa kanyang banal na kalikasan, sa panahon ng kanyang buhay sa lupa.

Tama Mali

25. Mali ang magsalita tungkol sa "dugo ng Diyos" at sa pagkamatay ng Diyos sa krus.

Tama Mali

26. Hindi kayang buhayin ni Jesus ang kanyang sarili dahil patay na siya.

Tama Mali

27. Ang kaluluwa ni Cristo ay nagtungo sa langit nang siya ay mamatay.

Tama Mali

28. Ngayong nasa langit na siya, wala nang kalikasan ng pagiging tao si Jesus.

Tama Mali

29. Ang kalikasan ni Jesus bilang tao ay omnipresent (nasa lahat ng dako).

Tama Mali

30. Hindi si Jesus ang hahatol sa kanyang pagbabalik kundi ang Ama.

Tama Mali

> *Ang Jesus na ito ng Nazaret, na walang pera at sandata, ay sumakop sa mas maraming milyong katao kaysa kina Alexander, Caesar, Mohammed, at Napoleon; walang siyensya at mataas na edukasyon, mas nagbigay Siya ng liwanag sa mga bagay tungkol sa tao at sa Diyos kaysa sa lahat ng pilosopo at iskolar na pinagsama; nang walang kahusayan mula sa pag-aaral, nagsalita Siya ng mga salita ng buhay na hindi pa naipahayag noon o mula noon, at nagdulot ng mga epekto na hindi naaabot ng mga mahusay sa talumpati o tula; nang hindi man lang nagsulat ng kahit isang linya, naudyukan Niyang sumulat ang marami, at nagbigay ng mga tema para sa mas maraming sermon, orasyon, talakayan, natutuhang bokabularyo, mga likhang sining, at mga awit ng papuri kaysa sa buong hukbo ng mga dakilang tao ng sinauna at makabagong panahon.*
>
> — Philip Schaff

## Mga Sagot & mga Paliwanag

1. Si Jesu-Cristo ay ganap na Diyos.
   Tama. Tinukoy ng Chalcedonian Creed (451 AD) si Cristo bilang "tunay na Diyos." Ang mga tekstong tulad ng Juan 1:1, Juan 20:28, Roma 9:5, Tito 2:13, Hebreo 1:8, at 2 Pedro 1:1 ay malinaw na nagpapatotoo sa pagiging Diyos ni Jesus.

2. Si Jesu-Cristo ay ganap na tao.
   Tama. Isinasaad ng Chalcedonian Creed: "tunay na tao, na may katawan at kaluluwang may pag-iisip...at kaisang-kalikasan natin ayon sa kanyang pagkatao; katulad natin sa lahat ng bagay maliban sa pagkakasala." "Ang taong si Cristo Jesus" (1 Tim. 2:5) na nakibahagi sa "laman at dugo" upang talunin ang diyablo sa pamamagitan ng kamatayan (Heb. 2:14). Siya ay katulad natin "sa lahat ng paraan" (Heb. 2:17).

3. Si Jesus ay Diyos, ngunit hindi kapantay sa pagiging Diyos ng Ama.
   Mali. Ang Arianism ay tumutukoy sa heresy noong ikaapat na siglo na itinatanggi ang pagka-Diyos ni Cristo. Itinuro ni Arius ng Alexandria na ang Logos ay ang Anak at Lingkod ng Diyos, ngunit hindi kapantay ng Diyos Ama. Itinuturing ni Arius ang Anak bilang kapangyarihan ng Diyos at sa gayon ay isang nilalang. Ngayon, ilang mga kulto, kabilang na ang Jehovah's Witnesses, ang may ganitong pananaw.

4. Si Jesus ay dalawang persona: isang persona na Diyos at isang persona na tao.
   Mali. Ang Nestorianism ay ang pananaw na may dalawang magkahiwalay na persona kay Cristo—isang tao at isang Diyos. Ito ay mali dahil ang Anak ay may isang tunay na likas na pagkatao (katawan at kaluluwa) ngunit hindi isang natatanging persona na hiwalay sa kanyang persona ng pagka-Diyos.

5. Si Jesus ay may katawan ng tao, ngunit may pag-iisip ng Diyos.
   Mali. Ang Apollinarianism ay gumagawa ng isang malaking pagkakamali: na sa pagkakatawang tao, ang Anak ay hindi nagkaroon ng isang isip ng tao. Sa halip, ang "isip" (kaluluwa) ng Diyos ay nagkaroon ng isang katawan ng tao. Ang pagkakamaling ito ay karaniwan sa iglesya ngayon. Sa katotohanan, ang Anak ay nakipag-isa sa isang tunay na kalikasan ng tao, na, ayon sa Chalcedon, ay kinabibilangan ng isang "katawan at kaluluwang may pag-iisip."

6. Si Jesus ay may dalawang kalikasan na pinaghalo upang bumuo ng isang kalikasan.
   Mali. Ang Eutychianism ay tumutukoy sa mga pananaw ni Eutyches ng Constantinople na hindi malinaw sa pag-unawa sa kaugnayan ng dalawang kalikasan ni Cristo. Sa madaling salita, ang kanyang pagkakamali ay nagmula sa "paghahalo" ng pagiging tao at pagiging Diyos ni Cristo, na nangangahulugang ang kanyang pananaw kay Cristo ay hindi magpapahintulot para kay Cristo na maging tao "tulad natin sa lahat ng paraan" (Heb. 2:17). Pansinin mo rin ang mga salita ng Chalcedonian Creed, "na kinikilala sa dalawang kalikasan na walang pagkakahalo, walang pagbabago" na sumasalungat sa pananaw ni Eutyches.

7. Si Jesus ay may dalawang kalooban, hindi isang kalooban.
   Tama. Si Cristo ay may dalawang kalikasan at bawat kalikasan ay may kalooban na pag-aari nito; kaya nga, si Cristo ay may dalawang kalooban, isang kalooban ng Diyos at isang kalooban ng tao. Sabi ni Wayne Grudem, "Si Jesus ay may dalawang magkaibang kalooban, isang kalooban ng tao at isang kalooban ng Diyos, at ... ang bawat isa sa mga kalooban ay kabilang sa dalawang magkaibang kalikasan ni Cristo, hindi sa persona."

8. Nilikha ni Jesus ang sanlibutan.
   Tama. Sa Colosas 1:16 ay sinabi ni Pablo, "Sapagkat sa pamamagitan niya [Cristo] ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa." Sinasabi ng *ESV Study Bible* , "Hindi nagsimulang mabuhay si Jesus nang siya ay isilang ng birheng Maria. Sa pamamagitan niya ay ginawa ng Diyos ang langit at lupa (Juan 1:3). Hindi maaaring si Jesus ang unang bagay na nilikha (tulad ng sinasabi ng sinaunang Arian heresy) dahil ang 'lahat ng bagay' ay nilikha niya, at walang bagay ang hindi niya nilikha."

9. Sa pagkakatawang tao, ang Diyos Anak ay naging tao.
Tama. Habang si Jesus ay palaging may likas na pagka-Diyos, nang siya ay ipagbuntis ay nagkaroon siya ng likas na katangian ng tao. Ang sinaunang kasabihan ay tumpak: "Nananatiling kung ano siya, siya ay naging kung anong hindi siya." Sinabi ni Packer na Jesus "ay hindi ngayon Diyos na wala ang ilang mga elemento ng kanyang pagiging Diyos, ngunit ang Diyos kasama ang lahat ng inako niyang maging kanya sa pamamagitan ng pagkuha ng pagiging tao sa kanyang sarili."

10. Isinantabi ni Jesus ang kanyang mga katangian ng pagka-Diyos sa pagkakatawang tao at pagkatapos ay ibinalik ang mga ito pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag muli.
Mali. May mga naniniwala na ito ang itinuturo ng Filipos 2:7 ("Sa halip, kusa niyang binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos,at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siya bilang tao.") Sinasabi ng *ESV Study Bible*: "Ang Greek na *kenoō* ay maaaring mangahulugan ng 'gawing walang laman, magbuhos' o (metaphorical) din na 'isinantabi ang katayuan at pribilehiyo.' Nangangahulugan ba ito na pansamantalang isinuko ni Cristo ang kanyang mga katangian ng pagka-Diyos sa kanyang ministeryo sa lupa? Hindi. Hindi sinasabi ni Pablo na si Cristo ay naging mas mababa sa Diyos o 'isinuko' ang ilang mga katangian ng pagka-Diyos. Sa halip, binibigyang diin niya na si Cristo, na nagkaroon ng lahat ng pribilehiyo na nararapat sa kanya bilang hari ng sansinukob, ay isinantabi ang mga ito upang maging isang ordinaryong sanggol na Judio na nakalaan para sa krus."

11. Si Jesus ay ipinanganak noong 1 AD.
Mali. Naniniwala ang mga historians na si Jesus ay ipinanganak noong humigit kumulang 5 BC, o marahil ay mas late pa. Ayon kay Colin R. Nicholl sa The Great Christ Comet, "Dapat maunawaan na ang sistema ng BC / AD (BCE / CE) na pamilyar sa atin ay nagsimula sa gawa ni Dionysius Exiguus, isang Scythian monk noong ikaanim na siglo. Sa kasamaang palad, sa kanyang paglalagay ng petsa ng kapanganakan ni Jesus ay gumawa siya ng ilang maling kalkulasyon na nangangahulugang, taliwas sa maaaring inaasahan ng isang tao, ang kapanganakan ni Jesus ay hindi tumutugma sa taong 0 (zero). Una, hindi isinama ng monghe ang isang taon 0, kaya mula sa 1 BC ay lumilipat patungo sa AD 1. Pangalawa, hindi niya isinaalang-alang ang apat na taon nang maghari si Cesar Augusto sa ilalim ng orihinal niyang pangalang Octavian. Dahil dito, bago pa man isaalang-alang ang katibayan sa Bibliya, ang BC/AD transition ay off target ng 5 taon."

12. Bilang sanggol ay hindi umiyak si Jesus (tulad ng ipinahayag sa Christmas carol na "Away in the Manger" na nagsasabing, "Ang munting Panginoong Jesus, walang pag-iyak na kanyang ginawa.").
Mali. Bilang isang tunay na sanggol, si Jesus ay umiyak dahil sa discomfort at sa pangangailangang pakainin. Siya, kung tutuusin, ay ganap na tao.

13. Habang narito siya sa lupa, si Jesus na tao ay may di-kumpletong kaalaman.
Tama. Ayon sa kanyang kalikasan ng pagka-Diyos, alam niya ang lahat ng maaaring malaman. Gayunman, ayon sa kanyang likas na pagiging tao, sinabi niya: "Ngunit tungkol sa araw at oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit [o maging ang Anak man]. Ang Ama lamang ang nakakaalam nito." (Mat. 24:36; cf. Luc. 2:52). Binabanggit sa tekstong ito ang uri ng limitasyon at pag-unlad na naging posible lamang kung ang dalawang kalikasan ni Cristo ay magkaiba at totoo.

14. Si Jesus ay nag-iisang anak.
Mali. Ipinapakita sa Juan 7:3, 5, 10 na may mga kapatid si Jesus. Ang mga kapatid ni Jesus (cf. Mat. 13:55; Mar. 6:3) ay tiyak na mula sa sinapupunan ng kanyang ina na si Maria. Ang ordinaryong kahulugan ng Greek na *adelphoi* ("mga kapatid") ay nangangahulugan na si Maria ay hindi isang walang hanggang birhen tulad ng pinanatili ng ilan, lalo na mula sa Roman Catholic church. Tulad ng ipinahihiwatig ng *ESV Study Bible* (Mat. 13:55-56), "Ang pakikipagtalik ni Maria sa kanyang asawang si Jose, at pagkakaroon ng mga anak, ay makakadagdag sa kanyang kabanalan, hindi makakabawas dito (cf. Gen. 1:28; 1 Cor. 7:3–5; 1 Tim 5:14)."

15. Mali ang Chalcedonian Creed sa pagtukoy kay Maria bilang ina ng Diyos. ("Ipinanganak bago pa ang lahat ng kapanahunan mula sa Ama ayon sa kanyang pagka-Diyos, at sa mga huling araw, para sa atin at para sa ating kaligtasan, isinilang mula sa birheng si Maria, ang ina ng Diyos, ayon sa kanyang pagkatao.")
Mali. Tama lang na sabihin kasama sina Cyril, Nestorius, at Chalcedonian Creed na si Maria ang ina ng Diyos (Greek *theotokos*). Ang tawaging "ina ng Diyos" si Maria ay hindi nilayon ng sinuman na ipahiwatig na ang Diyos ay may pinagmulan, ni hindi ito tungkol sa pagdakila kay Maria; bagkus, ito ay tungkol sa pagtatanggol sa pagkakaisa ng personang ipinaglihi at ipinanganak ni Maria ayon sa kanyang likas na pagkatao. Maaari rin nating tukuyin si Santiago bilang "kapatid ng Diyos."

16. Natuto si Jesus ng mga katotohanan at kakayahan noong narito siya sa lupa.
Tama. Bilang isang tunay na tao, ang kanyang likas na pagkatao ay may kakayahang dagdagan ang kaalaman. Si Jesus ay "lumaki sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao" (Luc. 2:52). Ang paglago sa karunungan at kaalaman ay naganap sa mismong karanasan ni Cristo at hindi, tulad ng na-imagine ng iba, kung paano lamang ito nakita ng iba. Sa halip, ayon sa ikatlong awit ng lingkod sa Isaias (chapter 50), ang "Panginoong Yahweh ang nagturo sa akin ng aking sasabihin"; sa katunayan, "tuwing umaga" ay tinuturuan ng Ama si Cristo.

17. Sa kanyang pagiging tao, nagpasakop si Jesus sa Diyos Ama.
Tama. Bagama't si Jesus ay kapwa walang hanggan at kapantay ng Ama, nagpasakop din siya sa Ama. Tingnan, halimbawa, sa Juan 5:36: "Ngunit may patotoo tungkol sa akin na higit pa sa patotoo ni Juan. Ang mga gawang ipinapagawa sa akin ng Ama na siya ko namang ginaganap, ang nagpapatotoo na ako'y isinugo ng Ama."

18. Napilitan si Jesus na magpasakop sa kalooban ng Ama.
Mali. Lahat ng ginawa ni Jesus para sa atin at ating kaligtasan ay boluntaryo. Tunay ngang para mabayaran ang kasalanan parehong ang kanyang banal na kalooban at kalooban ng tao ay kailangang malayang pumayag sa pagtawag ng Ama. Habang isinugo ng Ama ang Anak, ang Anak ay "dumating" din mula sa langit. Hindi siya pinilit o pinilit na kumilos; kusang loob siyang naparito upang hanapin at iligtas ang mga nawawala (Luc. 19:10 1 Tim. 1:15). Tulad ng napakahusay na nabanggit ni Stephen Charnock, "Ang kanyang kalooban ay malaya sa pagpayag, tulad ng kanyang Ama sa pagpapanukala."

19. Dahil si Jesus ay Diyos, hindi siya maaaring matukso.
Mali. Si Jesus ay hindi lamang Diyos, kundi tao rin. Tulad ng sinasabi ng Kasulatan, "At ngayo'y matutulungan niya ang mga tinutukso, sapagkat siya man ay tinukso at nagdusa" (Heb. 2:18). Ang iba't ibang tukso na madarama sana ni Jesus ay maaaring may tiyak na pagiging kaakit-akit, ngunit masigasig siyang nakipaglaban upang itaboy ang lahat ng ito. Ang pagdepende sa sarili o ang pagpaubaya kahit sandali sa isang mahalay na pag-iisip o pagkilos ay laging may dalang isang apela, ngunit hindi iyon kaya at hindi iyon ginawa ni Jesus. Lagi niyang ipinagkakatiwala ang kanyang sarili sa kanyang Ama. Lagi siyang perpektong tumutugon sa anumang sitwasyon na natagpuan niya ang kanyang sarili.

20. Maaaring nagkasala si Jesus nang tuksuhin.
Mali. Mahusay na ipinahayag ni W.G.T. Shedd: "Kapag ang *Logos* ay nakikiisa sa isang likas na katangian ng tao, upang bumuo ng isang persona rito, siya ay nagiging responsable para sa lahat ng ginagawa ng personang ito sa pamamagitan ng instrumentalidad ng kalikasang ito...Kung si Jesu-Cristo ay magkasala, ang Diyos na nagkatawang tao ay magkakasala." Nang ipanganak sa ganitong paraan, ang ideya na si Jesus ay maaaring magkasala ay hindi lamang napakasama kundi buong kalapastanganan. Ang triune God ay sangkot sa lahat ng ginagawa ni Jesus. Ang Diyos ay binibigyang katwiran ni Jesus, niluluwalhati ni Jesus, at ginawang nakikita ni Jesus. Kung si Jesus ay maaaring magkasala, ang Diyos ay hindi magiging Diyos.

21. Para sa ating kaligtasan, mas mahalaga ang pagiging Diyos ni Cristo kaysa sa kanyang pagiging tao.
Mali. Para sa ating kaligtasan, ang kanyang pagiging tao ay mahalaga rin tulad ng kanyang pagiging Diyos. Kung hindi siya tao, hindi siya maaaring mamagitan para sa mga tao. "Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus" (1 Tim. 2:5). Tulad ng nabanggit ni B. B. Warfield, "hindi natin siya dapat makilala bilang isang Diyos na nagkatawang tao o isang taong ginawang Diyos, kundi isang tunay na Diyos-tao—isa na kung ano ang Diyos at gayundin kung ano ang tao: kung kaninong makapangyarihang bisig tayo maaaring magpahinga, at kaninong simpatiya ng tao maaari tayong manawagan. Hindi natin kayang mawala ang Diyos na nasa tao o ang tao sa Diyos; ang ating puso ay sumisigaw para sa ganap na Diyos-tao na iniaalok sa atin ng Kasulatan."

22. Si Jesus ay may pananampalataya.
Tama. Bilang tunay na tao, kailangang magtiwala si Jesus sa kanyang Ama. Nabuhay siya sa pamamagitan ng pananampalataya noong narito pa siya sa lupa (Heb. 2:13, " Ako'y mananalig sa Diyos"; tingnan din sa Awit 22:9). Ginawa ni Thomas Goodwin ang punto na si Jesus ay "itinakda na mabuhay sa pamamagitan ng pananampalataya tulad natin...Sapagkat sa halimbawang ito ni Cristo ay nagkaroon tayo ng pinakamataas na halimbawang mayroon." Sa pinakasentro nito, ang pananampalataya ay naniniwala sa Diyos at sa bawat salitang nagmumula sa kanyang bibig (Deut. 8:3; Mat. 4:4). Si Jesus ay hindi kailangang maniwala sa Diyos nang higit pa sa kailangan niyang paniwalaan ang Diyos. Alam niya na ang Diyos ay umiiral; ngunit kailangan niyang maniwala na mabuti ang

kalooban ng Ama, kahit na tila iba ang ipinahihiwatig ng mga pangyayari.

23. Nagpakita si Jesus na may laman ng tao, ngunit ito ay espirituwal, nangangahulugang hindi siya maaaring magdusa ng pisikal na sakit.
    Mali. Ang Docetism ay nagmula sa salitang Griyego na *dokesis*, na ang ibig sabihin ay "tila" o "lumitaw." Ang heresy na ito ay itinuturing ang laman ni Cristo bilang "espirituwal." Sa madaling salita, ang heresy na ito ay nagpapahiwatig na si Cristo ay tila lamang may laman ng tao kaya tila lamang nagdusa at natutukso. Sa pananaw na ito, si Cristo ay isang espiritu lamang na naglabas ng isang makalaman na anyo sa lupa.

24. Si Jesus ay dumepende sa Banal na Espiritu, hindi sa kanyang banal na kalikasan, sa panahon ng kanyang buhay sa lupa.
    Tama. Napansin ni Sinclair Ferguson na tiningnan ni propeta Isaias ang Mesiyas bilang "Man of the Spirit par excellence (Isa. 11:1, 42:1; 61:1)." Kapag isinaalang-alang ng isang tao ang mga pangunahing pangyayari sa ministeryo ni Cristo mapapansin niya na ang Banal na Espiritu ay may mahalagang papel. Tunay ngang ang katagang "Cristo," na naging proper name ni Jesus, ay nangangahulugang "pinahiran o anointed." Sa pamamagitan ng anointing na iyon ng Espiritu ay isinagawa ni Cristo ang kanyang katungkulan bilang tagapamagitan. Ang kahalagahan nito ay hindi maaaring labis na maipahayag. Ang pagsunod ni Cristo para sa atin ay kailangang maging tunay na pagsunod. Hindi siya "nandaya" sa pamamagitan ng pagdepende sa kanyang sariling kalikasan ng pagka-Diyos habang siya ay kumilos bilang pangalawang Adan. Sa halip, sa pagtanggap at pagdepende sa Banal na Espiritu, si Cristo ay lubos na nakadepende sa kanyang Ama (Juan 6:38).

25. Mali ang magsalita tungkol sa "dugo ng Diyos" at sa pagkamatay ng Diyos sa krus.
    Mali. Sinasabi sa Westminster Confession of Faith: "Si Cristo, sa gawain ng pamamagitan, ay kumikilos ayon sa dalawang kalikasan, sa bawat kalikasan na ginagawa kung ano ang nararapat; ngunit, dahil sa pagkakaisa ng persona, iyong nararapat sa isang kalikasan ay minsan sa Kasulatan na iniuugnay sa persona na ang pinatutukuyan ay ang isa pang kalikasan." Ang Diyos-tao ay kumikilos ayon sa parehong kalikasan. Siya (Cristo) ang subject ng lahat ng pagkilos. Ang mga konseptong ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang isang teksto tulad ng Gawa 20:28, na nagsasalita tungkol sa iglesya na binili ng dugo ng Diyos.

26. Hindi kayang buhayin ni Jesus ang kanyang sarili dahil patay na siya.
    Mali. Bagama't totoo na ang Ama at ang Espiritu ay may direktang pagkilos sa pagkabuhay na muli (tingnan sa Gawa 2:24; Roma 8:11), ipinapahayag natin na si Jesus ay hindi lamang ang receptive object kundi siya ring initiating subject ng pagkabuhay na muli. Ipinahayag niya: "Walang makakakuha ng aking buhay; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at mayroon akong kapangyarihang kunin itong muli. Ang utos na ito'y tinanggap ko mula sa aking Ama" (Juan 10:18). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang kalikasan ng pagka-Diyos, binuhay niya ang kanyang sarili.

27. Ang kaluluwa ni Cristo ay nagtungo sa langit nang siya ay mamatay.
    Tama. Sa Lucas 23:46 ay pinangakuan ni Jesus ang lalaking nasa krus sa tabi niya, "Isasama kita ngayon sa Paraiso." Hindi nagtagal matapos ito ay sumigaw siya, "Ama, sa mga kamay mo'y ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu!" Ipinaaalala sa atin ng Chalcedonian Creed na si Jesus ay "tunay na Diyos at tunay na tao, na may katawan at kaluluwang may pag-iisip."

28. Ngayong nasa langit na siya, wala nang kalikasan ng pagiging tao si Jesus.
    Mali. Si Jesus ay magpakailanman na Diyos-tao. Siya ang, hindi naging, nakikitang larawan ng di nakikitang Diyos (Col. 1:15). Sa Langit ay makikita natin siya nang harapan, tulad ng pagtingin ng isang tao sa kanyang kapwa. Babaguhin ni Cristo ang ating mga mababang katawan "upang maging katulad ng kanyang maluwalhating katawan…" (Fil. 3:21).

29. Ang kalikasan ni Jesus bilang tao ay omnipresent (nasa lahat ng dako).
    Mali. Tulad ng malinaw na sinasabi ng Chalcedonian Creed, dapat nating kilalanin si Cristo na may "dalawang kalikasan na walang pagkakahalo, walang pagbabago, walang pagkakahati, walang pagkakahiwalay." Sa gayon ang kanyang dalawang kalikasan ay nananatiling magkaiba. Ang kalikasan ng Diyos ay hindi maaaring hatiin. Tinatawag ito ng mga theologians na "simplicity of God," ibig sabihin, hindi siya binubuo ng iba't ibang bahagi; kaya ang kanyang karunungan ay ang kanyang kapangyarihan, ang kanyang kapangyarihan ay ang kanyang kabutihan, at iba pa. Yamang ang kalikasan ng Diyos ay hindi maaaring hatiin, kung ang omnipresence ay ipapahayag sa kalikasan ng tao ni Cristo ay gayon din ang lahat ng

iba pang katangian, kabilang ang pagiging walang hanggan at self-existence. Ang kalikasan ng tao ay magiging Diyos, kahit na ang Diyos ay hindi maaaring magbago o maging anumang bagay. Nangangahulugan ito, siyempre, na si Cristo ay walang kalikasan ng tao. Kaya sa kanyang pagiging tao, si Jesus ay maaaring naroroon sa isang lugar lamang sa isang pagkakataon.

30. Hindi si Jesus ang hahatol sa kanyang pagbabalik kundi ang Ama.
    Mali. Itinalaga ng Ama si Cristo bilang hukom. Ito ay kinakailangang bahagi ng kanyang katungkulan bilang Panginoon at Tagapagligtas: "Binigyan niya ang Anak ng kapangyarihang humatol, sapagkat siya ang Anak ng Tao" (Juan 5:27; tingnan din sa Gawa 10:42; 17:31; 1 Cor. 15:25). Bilang siya na matapat, tumanggap siya ng awtoridad na magbigay ng pagpapala at sumpa, magligtas at magwasak, magmahal at mapoot. Kung paanong ang hukom ay magiging visible, gayon din ang paghatol.

## Recommended Resources

- *Knowing Christ* ni Mark Jones
- *Systematic Theology* ni Wayne Grudem
- *The Christian Faith* ni Michael Horton
- The Chalcedonian Creed

Bisitahin ang www.challies.com para sa iba pang mga quiz o para sagutin ang quiz na ito sa interactive format.

CHALLIES INFORMING *the* REFORMING